California School DASHBOARD

Toolkit ng Dashboard para sa taong 2022

Paano Alamin ang Performance ng isang Paaralan o Distrito sa 2022 Dashboard

1. Maa-access ang California School Dashboard sa https://www.caschooldashboard.org/.

2. Para makita ang mga resulta para sa isang paaralan o distrito, i-type ang pangalan ng paaralan o distrito sa search bar.



3. Kapag nakapili ka na ng paaralan, lalabas ang pangkalahatang performance nito sa mga panukat ng estado. Kapag nakapili ka na ng distrito, lalabas ang pangkalahatang performance nito sa parehong panukat ng estado at lokal. Available lang ang mga lokal na indicator para sa mga distrito, mga tanggapang pang-edukasyon sa county, at mga charter na paaralan.



4. Sa ibaba ng buod ng performance, makakakita ka ng impormasyon tungkol sa populasyon ng mga estudyante.

5. Sa ibaba ng pahina, makakakita ka ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa bawat panukat ng estado at lokal. Nakaorganisa sa tatlong aspeto ang mga panukat ng estado at lokal: Akademikong Performance, Adademikong Pakikilahok, at Mga Kondisyon at Klima.

   Sa halimbawang data card na nasa kanan, napabilang ang paaralan sa Mataas na antas ng performance para sa Indicator ng Dami ng Nagtatapos. Sa kasalukuyang taon, 90.6 na porsiyento ng mga estudyante ang nagtapos. Kaya naman, napabilang ang paaralan sa Mataas na antas ng performance.

   May Ulat tungkol sa Pagkakapantay-pantay sa ibaba ng bawat data card. Ipinapakita ng ulat na ito ang bilang ng mga grupo ng estudyanteng napapabilang sa bawat antas ng performance para sa panukat na iyon. Ipinapakita sa kanan ng ulat na ito ng pagkakapantay-pantay na dalawang grupo ng estudyante ang napabilang sa Napakababang Antas ng Nakamit. Wala sa mga grupo ng estudyante ang napabilang sa Mababang Antas ng Nakamit. Siyam na grupo ng estudyante ang napabilang sa Katamtamang Antas ng Nakamit. Isang grupo ng estudyante ang napabilang sa Mataas na Antas ng Nakamit. At isang grupo ng estudyante naman ang napabilang sa Napakataas na Antas ng Nakamit.

6. Piliin ang button na **View more details** sa ibaba ng Ulat tungkol sa Pagkakapantay-pantay para sa detalyadong impormasyon hinggil sa performance ng mga grupo ng estudyante sa indicator na iyon.





Para sa buod ng mga panukat ng estado at lokal, sumangguni sa flyer na California School Dashboard sa California Department of Education (CDE) website sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/documents/gettingtoknowmeasures22.pdf.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa Ulat tungkol sa Pagkakapantay-pantay sa Dashboard, sumangguni sa flyer na Pagsisiyasat sa mga Ulat tungkol sa Pagkakapantay-pantay sa CDE website sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/documents/exploreeqtyrpt22.pdf.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin lang ang CDE Dashboard at ang web page ng Sistema ng Suporta sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.